

## Pandaigdigang Patakaran sa Pagkapribado

### 1. Tungkol Sa Patakarang Ito

Itinatag ng Sumitomo Electric Group (“kami”, “namin” o “amin”) itong Pandaigdigang Patakaran sa Pagkapribado (ang “Patakaran” na ito) para sa layunin ng maayos na pagproseso ng personal na data at pagprotekta sa mga karapatan at interes ng aming mga stakeholder (sama-samang “ikaw”).

Ipinapaliwanag ng Patakarang ito kung paano namin pinoproseso ang iyong personal na data batay sa mga batas na nauugnay sa pagproseso ng iyong personal na data. Alinsunod sa mga naaangkop na batas sa proteksyon ng data at sa Patakarang ito, nangangako kaming pamamahalaan ang iyong personal na data upang maging ligtas at naaangkop sa pamamagitan ng masigasig na pag-abot na maiwasan ang hindi awtorisadong paggamit, pagsisiwalat, pagbabago, atbp. ng personal na data tungkol sa iyo.

Maaari kang mapailalim sa mga partikular na patakarang ibinigay ng aming Grupo ng mga Kumpanya (tulad ng tinukoy sa ibaba) at mga patakarang nakatuon sa ilang tiyak na mga produkto o mga serbisyo kasabay ng Patakaran. Dapat mapalitan ng mga tiyak na patakarang ito ang Patakaran na ito sukduhan mang ang mga sugnay na itinakda sa mga patakarang ito ay sumasalungat sa mga sugnay na itinakda sa Patakarang ito.

Lalo na, kung ang anumang mga batas ng mga sumusunod na bansa, rehiyon o estado ay naaangkop, ang sumusunod na naaangkop na patakaran ay dapat ding gamitin kasabay ng Patakaran.

- **Japan :** [Japan Privacy Policy](#)
- **European Economic Area (EEA) /UK :** [EEA at ang UK Privacy Policy](#)
- **California :** [Addendum for California Privacy Rights Act](#)

Ang aming website ay maaaring maglaman ng mga link papunta sa at mula sa mga ikatlong partido na website. Ang mga ikatlong partido na website na ito, at anumang mga serbisyo na maaaring ma-access sa pamamagitan ng mga ito ay mayroon silang sarili na mga patakaran sa pagkapribado. Hindi kami mananagot para sa anumang mga kasanayan sa pagkapribado ng ikatlong partido. Hinihikayat ka naming alamin ito kapag umalis ka

sa aming website at basahin ang mga patakaran sa pagkapribado na naaangkop sa mga ikatlong partido na website na ito.

## 2. Personal Data na Kinukuha Namin

Mga kategorya ng personal na data na kinukuha namin ay ang mga sumusunod:

- **Data ng Pagkakakilanlan at Pakikipag-ugnayan**  
Pangalan, edad, petsa ng kapanganakan, kasarian, trabaho, adres, bansang tinitirhan, at iba pang impormasyong nauugnay sa mga detalye ng pakikipag-ugnayan, tulad ng numero ng telepono, adres sa email, at mga social media account;
- **Data ng Mga Produkto at Mga Serbisyo**  
Impormasyong nauugnay sa mga produkto at serbisyo na iyong binili (kabilang ang mga produkto at serbisyo na balak mong bilhin) (kabilang ang numero ng serial ng produkto, mga detalye ng modelo ng produkto, impormasyon tungkol sa mga warranty, impormasyon tungkol sa kalagayan at paggamit ng mga produkto, impormasyon ng lokasyon, kasaysayan ng serbisyo, at tindahang pinagbilihan);
- **Data ng Mga Komunikasyon**  
Mga detalye tungkol sa iyong mga opinyon, kahilingan, katanungan, tugon sa survey at iba pang impormasyong ibinigay mo;
- **Teknikal na Data**  
Teknikal na data kabilang ang data ng pag-access, adres ng Internet Protocol (IP), data sa pag-login mo, uri at bersyon ng browser, setting at lokasyon ng time zone, mga uri at bersyon ng plug-in ng browser, operating system at platform at iba pang teknolohiya sa mga device na ginagamit mo para ma-access ang website na ito;
- **Data ng Paggamit**  
Impormasyon tungkol sa kung paano mo ginagamit ang aming website, mga produkto at serbisyo;
- **Data ng Marketing**  
Ang mga kagustuhan mo sa pagtanggap ng marketing mula sa amin o sa mga ikatlong partido na nakikibahagi sa amin at ang mga kagustuhan mo sa komunikasyon;

- **Impormasyong Kaugnay ng Application**  
Impormasyong nauugnay sa karanasan, edukasyon at mga pagsusuri sa karapatang magtrabaho kung mag-aplay ka upang magtrabaho sa amin;
- Impormasyong nauugnay sa isang indibidwal na nakuha o hinango upang makamit ang mga layunin ng pagproseso ng personal na data na itinakda sa Seksyon 4; at
- Impormasyon kung saan nagbibigay kami ng hiwalay na abiso.

Hindi kami kukuha o gagamit ng sensitibong impormasyon na nagpapakita ng iyong data tungkol sa kalusugan, genetikong data, data tungkol sa oryentasyong sekswal, o katulad nito, maliban kung itinakda ng mga batas at ordinansa o pinapayagan mo kaming gawin ito.

Maaaring kailanganin mong bigyan kami ng ilang partikular na data dahil ang probisyon ng personal na data ay iniaatas ng batas o kontrata o para sa iba pang mga kadahilanan. Sa kasong ito, kung hindi mo ibibigay ang iyong personal na data, maaaring hindi namin maibigay sa iyo ang aming serbisyo.

### **3. Paano Namin Kinokolekta Ang Iyong Personal Data**

Maaari naming kunin ang personal na data na inilarawan sa itaas nang direkta mula sa iyo, sa pamamagitan ng mga ikatlong partido, tulad ng mga kontratista, kasosyo sa negosyo, at mga provider ng social media (kabilang ang Facebook at Google), at sa pamamagitan ng mga produkto at serbisyong ibinigay namin.

Sa mas tiyak, kinokolekta at pinoproseso namin ang sumusunod na personal na data tungkol sa iyo mula sa bawat isa sa mga mapagkukunang ito:

1. **Impormasyong ibinibigay mo sa amin**  
Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa iyo na ibinibigay mo sa amin sa pamamagitan ng mga form ng pagtatanong sa aming website, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin, sa pamamagitan man ng e-mail, sulat o iba pa.
2. **Impormasyong ibinibigay sa amin ng mga ikatlong partido**  
Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa iyo na ibinibigay sa amin ng mga ikatlong partido sa pamamagitan ng mga form ng pagtatanong sa aming website,

o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin, sa pamamagitan man ng e-mail, sulat o iba pa.

3. **Impormasyong awtomatiko naming kinokolekta mula sa iyo**

Kapag binisita mo ang aming website, awtomatikong kinokolekta ng website ang ilang uri ng data na nauugnay sa iyo. Kasama sa mga uri ng data na ito ang mga log ng pag-access, mga web beacon (kilala rin bilang mga pixel), mga cookie, atbp. Maaaring manatili sa iyong computer ang mga uri ng data na ito at patuloy na mangolekta ng data.

## 4. Layunin ng Pagpoproseso ng Personal na Data

Ang personal na data na nakolekta namin ay pinoproseso lamang ng mga awtorisadong tauhan para sa mga tiyak na gawain sa loob ng mga sumusunod na layunin at sa saklaw ng mga naaangkop na batas at regulasyon.

1. Personal na data ng mga kostumer, supplier, kontratista, kasosyo sa negosyo o mga gumagamit ng website (sama-samang “Mga Kasosyo sa Negosyo”)
  - Pag-promote ng aming mga produkto at serbisyo kabilang ang pagbibigay ng kaugnay na impormasyon (tulad ng paghahatid ng katalogo)
  - Mga Benta/suplay ng aming mga produkto at serbisyo, at suporta sa kostumer
  - Pagpapaunlad ng aming mga produkto at serbisyo
  - Paghahatid ng direktang marketing sa mga inaasahan at kasalukuyan na Mga Kasosyo sa Negosyo patungkol sa mga produkto, alok, promosyon, gamtimpala, kaganapan, at serbisyong inaalok
  - Pagpapatotoo ng pagiging kwalipikado at paghahatid ng mga premyo, kaugnay ng pagsasagawa ng mga promosyon para sa Mga Kasosyo sa Negosyo
  - Pagsusuri sa kasaysayan ng pagba-browse ng Mga Kasosyo sa Negosyo na ibinigay nila sa amin sa pamamagitan ng aming website at social media, at iba pang impormasyon ng naturang Mga Kasosyo sa Negosyo, dahil doon, binibigyan sila ng impormasyon sa mga produkto na nakakatugon sa kanilang mga kagustuhan at panlasa
  - Pagsusuri sa bilang ng mga pag-access na ginawa sa landing page bilang na-set up sa pamamagitan ng aming mga advertisement, dahil doon, nagsusumikap na mapabuti ang nilalaman ng mga advertisement at mga placement ng advertisement

- Pagtupad sa anumang iba pang layunin ng negosyo o komersyal sa direksyon ng Mga Kasosyo sa Negosyo, o nang may abiso at/o pahintulot nito
- Pagganap ng mga kontrata sa Mga Kasosyo sa Negosyo
- Pakikipag-ugnayan sa mga negosasyon sa negosyo, mga pagpupulong, o iba pang paraan ng komunikasyon sa Mga Kasosyo sa Negosyo (kabilang ang pagrekord ng audio at pag-video ng nilalaman ng mga naturang pulong, atbp.)
- Tugon sa mga komento, katanungan, at mga kahilingan mula sa Mga Kasosyo sa Negosyo, pagbibigay ng serbisyo pagkatapos ng suporta, at kung hindi man ang pagganap ng mga serbisyong hiniling ng Mga Kasosyo sa Negosyo
- Pagsasagawa ng mga survey ng palatanungan ng Mga Kasosyo sa Negosyo at pagsusuri ng mga resulta nito

## 2. Personal na data ng mga shareholder

- Paggamit ng mga karapatan at pagganap ng mga obligasyon sa ilalim ng mga naaangkop na batas o regulasyong itinakda nito
- Pagbibigay ng mga serbisyo
- Pagpapatupad ng iba't ibang mga hakbang para sa mga shareholder
- Pangangasiwa ng impormasyon ng shareholder batay sa mga batas at regulasyon, kabilang ang paglikha ng mga database

## 3. Personal na data ng mga aplikante sa pagtatrabaho

- Pagbibigay ng impormasyon sa pagtatrabaho sa mga aplikante at pakikipag-usap sa kanila tungkol sa mga pamamaraan sa pagpili, direkta man o sa pamamagitan ng kanilang mga unibersidad o ahensya ng pagtatrabaho
- Pagsasaalang-alang kung tatanggapin ba o hindi ang mga aplikante
- Pangangasiwa ng mga aplikante na inalok ng trabaho, at upang magsagawa ng iba pang mga pamamaraan na may kaugnayan sa mga aplikante para sa pagtatrabaho

## 4. Mga karaniwang layunin ng paggamit para sa lahat ng personal na data

- Pagpigil at pagtugon sa pandaraya, paglabag sa mga nauugnay na patakaran at panuntunan, mga pagbabanta, at pinsala
- Operasyon, pangangasiwa, at pagpapahusay ng aming website, mga social media account, application, aktibidad sa marketing, produkto, at serbisyo

- Pagsusuri ng data sa pag-access sa aming website at sa mga nilalaman nito at sa bilis ng pag-access dito, dahil doon, nagsusumikap na mapabuti ang aming website at mga nilalaman nito at upang mapahusay ang aming mga system at server
- Anumang iba pang mga layunin na indibidwal na iniaabiso o iniaanunsyo sa publiko sa sukdulang iniaatas ito ng mga naaangkop na batas at regulasyon

## 5. Legal na Batayan

Iproseso namin ang iyong personal na data alinsunod sa legal na batayan na iniaatas ng mga naaangkop na batas at regulasyon. Maaaring magbago ang legal na batayan para iproseso ang iyong personal na data alinsunod sa naaangkop na mga batas at regulasyon ng mga kaukulang hurisdiksyon.

## 6. Pagsisiwalat ng Personal na Data sa mga

### Tumatanggap

Hindi namin ibebenta, ipararenta o pauupahan nang matagal ang iyong personal na data. Maaari naming isiwalat ang iyong personal na data sa mga tatanggap na inilarawan bilang mga sumusunod o inilarawan sa mga partikular na patakaran hanggang sa sukdulang kinakailangan upang abutin ang mga layunin ng pagproseso ng personal na data na itinakda sa Seksyon 4 at alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

#### 1. Mga Grupong Kumpanya

Ang mga kaakibat at nauugnay na mga entidad ng Sumitomo Electric Industries, Ltd. ay nakalista sa, ngunit hindi limitado sa, sumusunod na [link](#) (“Mga Grupo ng Kumpanya”).

#### 2. Mga Provider ng Serbisyo

Mga provider ng serbisyo, gaya ng mga provider ng serbisyong internet, provider ng serbisyong web analytics, provider ng serbisyong cloud, software vender, provider ng serbisyong sales statistic analytics, pangangalap o mga ahensya sa pagtatrabaho, propesyonal na tagapayo, o konsultant.

#### 3. Iba pa

Mga potensyal na kasosyo ng Merger and Acquisition, mga awtoridad na legal o pangregulatoryo, o iba pang ikatlong partido.

## 7. Mga Paglipat na Cross-Border

Nakikibahagi kami sa mga aktibidad ng negosyo sa isang pandaigdigang saklaw, at sa ilang mga kaso ay ililipat namin ang iyong personal na data sa isang bansa o isang rehiyon na walang mga batas, regulasyon sa proteksyon ng data, at kagaya nito na katumbas ng mga nauugnay sa proteksyon ng personal na data sa bansa o rehiyon kung saan ka nakatira. Sa paglipat ng iyong personal na data sa ibang bansa, magsasagawa kami ng mga naaangkop na hakbang alinsunod sa mga probisyon na itinakda sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

## 8. Paglimita sa Pag-iimbak ng Personal na Data

Maliban kung iba ang ipinahiwatig, pananatilihin namin ang personal na data na kinokolekta namin tungkol sa iyo para sa panahon na kinakailangan upang maproseso ang naturang personal na data, maliban sa sukdulang atasan kami ng batas na panatilihin ang data para sa mas mahabang panahon, kung magkagayon man ay pananatilihin ito sa panahong iniaatas ng batas.

Upang matukoy ang naaangkop na panahon ng pagpapanatili para sa personal na data, isinasaalang-alang namin ang dami, katangian at pagkasensitibo ng personal na data, ang potensyal na panganib ng pinsala mula sa hindi awtorisadong paggamit o pagsisiwalat ng iyong personal na data, ang mga layunin namin sa pagproseso ng iyong personal na data at kung makakamit ba namin ang mga layuning ito sa pamamagitan ng iba pang paraan, at ang naaangkop na pangangailangang legal.

## 9. Mga Karapatan Mo

Depende sa kung saan ka nakatira, maaaring mayroon kang ilang legal na karapatan kaugnay ng personal na data na hawak namin tungkol sa iyo. Ang mga karapatang ito ay maaaring mag-iba-iba depende sa kung saan ka nakatira at sa mga batas sa proteksyon ng data na ilalapat sa relasyon sa pagitan mo at namin, ngunit karaniwang kabilang:

1. ang karapatang makakuha ng impormasyon tungkol sa pagproseso ng iyong personal na data at pag-access sa personal na data na hawak namin tungkol sa iyo;
2. ang karapatang humiling na iwasto namin ang iyong personal na data kung ito ay hindi tumpak o hindi kumpleto;
3. ang karapatang humiling na tanggalin namin ang iyong personal na data;
4. ang karapatang humiling na paghigpitan namin ang aming pagproseso sa iyong personal na data;
5. ang karapatang tumutol sa amin tungkol sa aming pagproseso ng iyong personal na data;
6. ang karapatang bawiin ang iyong pahintulot sa aming pagproseso ng iyong personal na data. (Umiiral lang ang karapatang ito kung kami ay umaasa sa pahintulot na iproseso ang iyong personal na data. Hindi makakaapekto ang pag-withdraw ng pahintulot sa pagiging legal ng pagproseso batay sa pahintulot bago ang pag-withdraw nito.)

Hangga't ang iyong kahilingan na gamitin ang iyong mga karapatan ay nasa saklaw ng mga naaangkop na batas at regulasyon, maaari mong gamitin ang iyong mga karapatan sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon tungkol sa amin sa Seksyon 12 sa ibaba. Pakitandaan na maaari kaming maningil ng makatwirang bayarin sa iyo sa bawat pagproseso ng iyong kahilingan kapag pinahintulutan ng naaangkop na batas sa proteksyon ng data. Gayundin, pakitandaan na maaaring kailanganin mong magsumite ng karagdagang impormasyon sa amin upang patotohanan ang iyong pagkakakilanlan bago namin iproseso ang iyong kahilingan.

## **10. Seguridad**

Upang maprotektahan ang iyong personal na data laban sa hindi sinasadya o labag sa batas na pagkasira, pagkawala, paggamit, o pagbabago at laban sa hindi awtorisadong pagbubunyag o pag-access, gumagamit kami ng sapat na pang-organisasyon, pantao, pisikal, at teknikal na mga hakbang sa seguridad.

## **11. Mga Pagbabago sa Patakarang ito**

Maaari naming baguhin ang Patakarang ito paminsan-minsan at ipo-post ang na-update na Patakaran na may epektibong petsang "Huling Na-update" para sa mga pagbabago.



Iminumungkahi namin na pana-panahon mong repasuhin ang Patakarang ito. Kung gagawa kami ng malaking pagbabago sa Patakarang ito, bibigyan ka ng naaangkop na abiso, tulad ng isang abiso na naka-post sa aming website.

## 12. Impormasyon Tungkol Sa Amin

1. **Pangalan ng Controller:** Sumitomo Electric Industries, Ltd.
2. **Pangunahing Adres ng Tanggapan:**4-5-33, Kitahama, Chuo-ku, Osaka City, Osaka, Japan
3. **Pangalan ng Punong Tagapamahala ng Personal na Data:** [Paki-click dito.](#)
4. **Form ng Pagtatanong:** [Paki-click dito](#)

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa Patakarang ito, sa iyong mga karapatan, o sa anumang iba pang isyu tungkol sa proteksyon ng iyong personal na data, maaari kang makipag-ugnayan sa amin gamit ang Form sa Pagtatanong sa itaas.

Petsa ng pagkaepektibo : 14 Abril 2023

Huling Na-update: 14 Abril 2023